Mga ruta: ang araw ng bawat technician bilang isang biyahe

Ipinapakita ng Mga ruta ang mga stop ng bawat technician nang sunod-sunod, mga gaano katagal ang bawat biyahe, at mas magandang ayos kapag mayroon.

Mga hakbang

1. Buksan ang Mga ruta at piliin ang araw.
2. Sunod-sunod ang mga stop ng bawat technician, kasama ang tantiyang minuto ng biyahe sa pagitan nila. Pindutin ang Buksan ang buong araw sa mapa para sa direksyon sa lahat ng stop.
3. Kapag may mas magandang ayos na nakakatipid ng biyahe, ipapakita ito sa tabi ng araw. Pindutin ang Gamitin ang ayos na ito, o Hindi muna.
4. Sa Kung saan nagsisimula ang mga van sa umaga, ilagay ang address ng shop o yard mo. Sa Mga van na iniuuwi, magdagdag ng address ng bahay para sa sinumang umaalis mula sa bahay.

Mabuting malaman

Walang gagalaw hangga't hindi mo pinipindot ang Gamitin ang ayos na ito. Saka ite-text ang bawat customer ng bago nilang oras, at sasabihan ang technician.

Kapag nag-book ka ng trabaho, unang nakalista ang pinakamalapit na bakanteng technician, kasama kung mga gaano karaming biyahe ang idinadagdag nito.

Sariling tantiya ng HQ ang mga oras ng biyahe. Hindi kasama rito ang stop na wala sa mapa.

https://orshihq.com/help/routes-and-better-order